
# Aklat



Kilala mo ako,
ako'y isang aklat.
Sa bawat pahina,
ay may nakasulat.
Mahalin mo ako,
ako'y pag-ingatan.
Sa pag-aaral mo,
kita'y tutulungan.

FUN TEACHER FILES

# Dakilang Bayani



Kilala si Rizal,
ng bata't matanda.
Bayaning matapat,
Bayaning dakila.
Namatay si Rizal,
nang dahil sa
bayan.
Hindi natatakot,
ipaglaban ang
bayan.

FT FUN TEACHER FILES


# Iskul Boy



Ikaw ay lalaki, alam
ko na ngayon.
Ikaw kung tawagin
ay isang iskul boy.
Huwag maglaro,
habang nag-aaral.
Upang ang aralin,
agad matutunan.

FT FUN TEACHER FILES

# Lapis



Ako'y isang lapis,
dulo ko'y matulis.
Naiguguhit ko,
Ang bawat maisip.
Nabubura ko rin,
ang bawat sulatin.
Ako'y baliktarin,
ulo ko'y gamitin.

FT FUN TEACHER FILES

# Watawat



Tatlo ang bituin,
na lagi kong taglay.
Tatlo rin ang kulay,
pula,puti, bughaw.
May taglay pa rin,
akong isang araw.
Ako ang bandila
ng bayan kong
mahal.

FT FUN TEACHER FILES

# Mesa



Ang mesa ng guro,
ay matatagpuan
Nasa isang panig
ng silid-aralan.
Ang gamit ng guro,
dito nakalagay
Ito ang patungan.
Ito ang sulatan.

FT FUN TEACHER FILES